

2 SISTEMA KAUGNAY SA PAMUMUHAY

(1) Buwis

May obligasyong magbayad ng buwis ang mga taong nakatira sa Japan, dayuhan man ang nasyonalidad. Tulad ng sumusunod ang mga uri ng buwis.

① Buwis sa kita

Ito ang buwis na ipinapataw sa 1 taong (Enero 1 – Disyembre 31) kita ng indibidwal tulad ng kita sa negosyo, sahod at iba pa.

May 2 paraan ng pagbayad ng buwis na ito.

A Pag-ulat ng kinita	Sariling ikakalkula ang halaga ng kita at halaga ng buwis, at iuulat sa tanggapan ng pagbubuwis.
B Pagbabawas sa sahod	Ibabawas ng taong nage-employo mula sa sahod ang takdang buwis sa kita, at babayaran ang buwis.

Sa paraang B, halos walang sariling gagawing palakad, ngunit kung lumampas ang gastusing medikal sa takdang halaga, napinsala sa sakuna, at iba pa, mangyaring makipagkonsulta sa tanggapan ng pagbubuwis dahil maaaring makatanggap ng pagsasauli ng buwis sa pamamagitan ng sariling pag-uulat.

② Buwis ng residente (Buwis ng indibidwal na residente ng prefecture, Buwis ng indibidwal na residente ng lungsod/bayan)

Ito ang buwis na ipinapataw sa taong may address sa loob ng bansang Hapon nang Enero 1. Para sa taong kumikita sa sahod, binabawas ito sa sahod tulad ng buwis sa kita, at para sa ibang tao naman, babayaran ang buwis sa bangko o iba pa, sa pamamagitan ng kasulatan ng pagbabayad na ipinapadala nang Hunyo bawat taon.

③ Buwis sa pagkonsumo

Ipinapataw bilang buwis sa pagkonsumo ang nakatalagang porsiyento sa presyo ng biniling bagay, tinanggap na serbisyo, at iba pa.

④ Category base para sa buwis sa kotse at buwis sa magaanang kotse

Ito ang buwis na ipinapataw sa may-ari ng kotse, magaanang kotse, motorsiklo, at iba pa sa araw ng Abril 1. Babayaran ang buwis sa bangko o iba pa, sa pamamagitan ng kasulatan ng pagbabayad na ipinapadala nang Abril ~ Mayo bawat taon.

⑤ Buwis sa ari-arian

Ito ang buwis sa ipinapataw batay sa tinasang halaga ng real estate (lupa, gusali) o ari-ariang bumababa ang halaga kung nagmamay-ari nito sa araw ng Enero 1.

Babayaran ang buwis sa bangko o iba pa, sa pamamagitan ng kasulatan ng pagbabayad na ipinapadala bawat taon.

⑥ Iba pang buwis

Liban sa buwis na ipinaliwanag dito, papatawan din ng buwis kapag nagtamo ng real estate, bumili ng kotse, at iba pa.



Si Takkun, mascot ng prefectural tax

(2) Sistemang “My Number”

■ Ipinadala ang “My Number.”

Nagsimula ang “Sistemang “My Number”” noong Oktubre 2015 sa Japan.

Isang numero lamang sa isang tao, mahalagang bagay na kakailanganin sa palakad sa tanggapang pampamahalaan at iba pa, ang “My Number.”

Mula Oktubre 2015, ipinadala sa mga bahay (address na nakarehistro sa lungsod/bayan) ninyong lahat ang sobre mula sa lungsod/bayan.

Nakapaloob sa sobre ang “Notification Card” kung saan nakasulat ang “My Number.” Bukod pa rito, sanhi ng mga pagbabago sa batas, sa halip na ipadala ang “Notification Card” ay ipapadala ang “Individual Number Notification” para sa mga panibagong nabigyan ng My Number mula sa Mayo 25, 2020 (pangananak, paglipat mula sa ibang bansa at iba pa).

■ Pag-ingatan ang “My Number.”

Huwag itapon o punitin ang “Notification Card,” o “Individual Number Notification” kundi maingat itong paghawakan.

Huwag ipaalam ang inyong “My Number” sa ibang tao kung walang pangangailangan, upang hindi magamit nang ilegal ang “My Number.”

■ Maaaring tumanggap ng “My Number Card (Individual Number Card).”

Nakasulat ang “My Number” sa “My Number Card” at maaari rin itong gamitin bilang katibayan o ID. Kapaki-pakinabang ito at maaaring kumuha ng resident record (*jūminhyō*) sa convenience store at iba pa ayon sa lungsod/bayan.

Upang makatanggap ng “My Number Card,” mangyaring isulat ang kailangang bagay sa application form na kasama ng “Notification Card” o “Individual Number Notification”, at ipadala ito pabalik.

■ Kung mayroong hindi maintindahan

Mangyaring tingnan ang homepage sa ibaba, o tumawag sa numero sa ibaba. Maaari ring magtanong sa tanggapang pampamahalaan ng (lungsod/bayan) lugar na tinitirahan.

○Homepage [Cabinet Office] My Number (Social Security System / Tax Number System)	
https://www.cao.go.jp/bangouseido/	
○Call center (Ingles, Intsik, Koreano, Kastila, Portuges)	
Karaniwang araw 9:30~20:00, Sabado, Linggo, Pista opisyal 9:30~17:30 (liban sa katapusan at simula ng taon)	
[Kaugnay sa sistemang “My Number”]	☎ 0120-0178-26 (libre)
[Tungkol sa Individual Number Notification, Notification card, “My Number” card o pansamantalang pagpatigil ng paggamit ng “My Number” card dahil nawala/nanakaw ito]	☎ 0120-0178-27 (libre)